

# NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Tomo 4 Blg. 6 • Nobyembre-Disyembre 2016

## Matatagumpay sa industriya ng pagkakalabaw, paggagatas nagbahagi ng kanilang kwento ng tagumpay sa ikalawang National Carabao Conference

Ni Ma. Cecilia Irang

Ibinahagi ng mga matatagumpay na mga magsasakang-maggagatas at negosyante sa industriyang-salig-sa-kalabaw ang kanilang mga namumukod-tanging karanasan sa isang kumperensiyang idinaos sa punong tanggapan ng Philippine Carabao Center (PCC) sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija kamakailan.

Ang kumperensiya, na may temang “Nagsipag... Nagnegosyo... Nagtagumpay”, ay kaugnay sa pagdaraos ng ikalawang National Carabao Conference (NCC) nitong nagdaang Nobyembre 14-15.

Bukod sa presentasyon ng mga matatagumpay na magsasakang-maggagatas at mga negosyante ng produkto ng kalabaw, ang kumperensiya ay naging daan din sa pagpapadalo ng impormasyon ukol sa mga teknolohiya at wastong pamamaraan na naisagawa na ng mga nagtagumpay nang magsasakang-maggagatas.

Ayon kay Wilma Del Rosario,

(Sundan sa p.3)



Si Isagani Cajucom ng Lupao, Nueva Ecija ay isang halimbawa ng magsasakang-maggagatas na nagsipag at nagtagumpay sa kanyang gawain.

### Pahayag ng mga value chain players

## Mga produktong mula sa gatas ng kalabaw na gawa sa bansa, kayang makipagkumpetensiya sa ‘international market’ Ni Mervalyn Tomas

Kayang makipagkumpetensiya ng mga produkto sa Pilipinas na gawa sa gatas ng kalabaw sa merkado sa ibang bansa.

Ito ang taos sa pusong pagpapahayag ni Jutes Templo, may-ari ng *Gino's Brick Oven Pizza*, isang sikat na *pizza restaurant* na gumagamit ng sariwang gatas ng kalabaw sa paggawa ng keso at iba pang produktong may sangkap na gatas.

“Hindi tayo nahuhuli at kayangkaya nating makipagkumpetensiya

sa kanila kung ang pag-uusapan ay mga produktong mula sa gatas ng kalabaw na gawa dito sa atin. Kaya lang, dapat na sinisigurado ng lahat ng *stakeholders* ang kalidad ng gatas magmula sa mga magsasakang-maggagatas hanggang sa mga magpoproseso at magbebenta ng mga produktong gawa mula rito,” sabi ni Templo.

Aniya, marami na siyang narinig na magagandang komento ng mga parukyano niyang taga-ibang bansa tungkol sa kanyang mga produktong

*pizza*, *burrata* at *mozzarella* na gawa dito sa bansa. Ang kanyang mga parukyano, aniya pa, ay nangagsasabing ang mga produkto niya ay siya nang pinakamasarap sa lahat ng mga natikman na nila.

Upang mapabuti ang kanyang produkto, sinabi ni Templo na bumisita siya sa Italy at tinikman niya ang mga *pizza* doon. Napatunayan niya na totoo ngang maaaring mahigitan pa ng mga produktong gawa nila ang mga produkto ng ibang bansa na gamit ang gatas ng kalabaw sa Pilipinas.

“Hindi kami gumagawa ng mga produktong alam naming hindi kami masisiyahan. Kaya humahanap kami ng paraan upang mapasarap pa ang mga ito at sinuwerte naman kami na nagustuhan ito ng mga parukyano namin,” paliwanag ni Templo.

Binanggit naman ni Richard Cavorora, *marketing representative* ng Magdalena Dairy sa Laguna, na ang karanasan ng *Gino's Brick Oven Pizza* ay patunay na ang mga

(Sundan sa p.3)

# Mag-asawang 'walang-wala' noon, 'nagka-mayroon'; ang lahat ay dahil sa gatasang kalabaw, anila

Ni Chrissalyn Marcelo

Sariwa pa sa alaala at sadyang 'di nalilimutan ng mag-asawang Fernando Balmater Sr., 45, at Epifania Balmater, 44, ng Sto. Domingo, Nueva Ecija, ang mga nagdaang panahon na sadyang sila'y dumanas ng matinding kahirapan.

Iyo'y nang panahong ang sandigan lang ng mapagkukunan ng kanilang ikabubuhay ay ang munting kinikita sa paggugulayan at sa pagtanim at pag-aani ng palay.

Isa sa matinding pagsubok sa kanilang katatagan ay ang araw na yaong nagkasakit ang kanilang panganay na anak at isinugod nila sa ospital.

"Matindi ang kanyang lagnat. Nagbigay sa amin ng reseta ang doktor pero hindi namin mabili ang mga gamot. Wala kasi kaming kapera-pera noon," mangiyak-ngiyak na sabi ni Aling Epifania.

Dagdag pa niya: "Awang-awa ako noon sa aking anak. Iyak ako nang iyak noon sa ospital."

Sabi ni Aling Epifania, mabuti na lang daw at may naawang magpahiram sa kanila ng pera na ipinambili nila ng gamot. Sa awa naman ng Diyos ay napagaling ang kanilang anak.

Si Mang Fernando naman ay may sarili ring mga paggunita sa nagdaang buhay nila noon.

"Sa tuwina, laging nagtatanong ang mga anak ko pagkagaling sa eskwelahan kung ano ang ulam namin. Nakapanlulumo na ang nasasabi na lamang namin ay magtiyaga na lang muna sila sa ulam na bagoong at mantika o kaya'y toyo. Paanong di gayo'y talagang madalas na wala kaming pambili ng ulam," malungkot na sabi ni Mang Fernando.

Noon, aniya, hindi siya mapagkatulog sa pag-iisip ng paraan kung saan kukunin ang perangkailangan nila sa pang-araw-araw na pamumuhay. Talaga nga raw kasing kapos na kapos ang kita niya sa pagtanim ng gulay at palay kaya't talagang hirap na hirap sila sa buhay.

Nguni't ang mag-asawang Fernando at Epifania ay nakasilay din ng pag-asa na malagpasan nila ang kahirapang dinaranas. Ito'y nang makabalita sila ng isang gawaing inakala nilang magbibigay ng pag-asa sa pagbabagong-anyo ng kanilang buhay.

Hindi sila nag-atubili na subukan ito.

## Pagsilay ng pag-asa

Taong 2000.

"Nabalitaan ko noon ang ukol sa programa ng PCC sa pagpapamahagi ng gatasang kalabaw. Hindi na ako

nag-atubili at sinabi ko sa aking asawa na sasali ako sa Pulong Buli Multi-Purpose Cooperative (PBMPC) para makapag-aplay sa programa," ani Aling Epifania.

Ang PBMPC, sa Sto. Domingo, Nueva Ecija, ay isa sa mga ginagabayang kooperatiba ng PCC.

"Mas'werte naman na nabiyayaan agad kami ng dalawang *Brazilian Murrah buffalo*. Ang laking tuwa naming mag-asawa noon," ani Aling Epifania.

Buong tiyaga, inalagaan nila ang dalawang hayop. Nguni't hindi agad nagbuntis ang mga ito. Gayunman, hindi sila pinanghinaan ng loob.

"Nakikita naman namin noon na 'yong ibang katulad naming magsasaka ay talagang kumikita sa paggagatas. Ang komento ko pa nga noon sa kapwa ko magsasaka ay: 'kainam naman ng kalabaw na ito at nakapagbibigay ng gatas at kita sa inyo'. Pero sa loob-loob ko, naroroon ang pangarap na sana'y mangyari rin ang gayon sa kanilang pag-aalaga ng kanilang kalabaw," ani Mang Fernando.

Hindi nga sila nawawalan ng pag-asa. Dagdag pa nilang pinanghahawakan ang mga salita ni dating Pangulong Joseph "Erap" Estrada na "ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw ay malaki ang naitutulong sa pamumuhay lalo na sa mahihirap na magsasaka."

Si Estrada, alam nila, ang siyang naging principal sponsor noong ito'y senador pa ng batas na siyang nagtakda ng pagkakatag ng PCC. Ang batas na ito ay ang Republic Act 7307 na mas kilala sa tawag na "Philippine Carabao Act of 1992".

Tatlong taong singkad ang lumipas bago nagbuntis at nanganak ang kanilang mga alaga.

## Kita sa pag-aalaga ng kalabaw

Nang magsimula na silang gatasan ang kanilang mga inaalagaan, napatunayan nga nilang talagang may kita sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw sa araw-araw.

"Anim na litrong gatas ang inani namin sa isang araw sa isa naming kalabaw. Ang gatas ay dinadala namin noon sa aming kooperatiba na binabayaran naman ng Php30 isang litro," ani Aling Epifania.

Sa halagang ito, anya, maliwanag na nagkaroon sila ng kitang Php180 kada araw. Tumagal nang hanggang sampung buwan na may naaning gatas sa kanilang alaga.

Ayon kay Aling Epifania, talagang malaki ang naging tulong sa kanilang



Si Epifania Balmater habang pinakakain ang kanyang mga alagang kalabaw na naging malaking tulong sa kanilang pamumuhay.

pamilya ang inihatid na kita ng kanilang paggagatas sa kanilang alagang kalabaw. Sumapat na ang mga kakailanganin nila sa pambili ng kanilang maiuulam at pati na ang naibibigay na baon ng kanilang anak sa pagpasok sa eskuwelahan sa araw-araw.

Dagdag pa ni Aling Epifania: "Sa pagdaan ng mga taon, unti-unti pang tumaas ang produksiyon ng gatas ng aming kalabaw. Mula sa anim na litro ay naging walong litro hanggang sa umabot pa ito ng 11 litro kada araw bawat kalabaw sa mga sumunod pang mga taon ng kanilang paggagatas.

"Talagang lumaki nga rin ang kita namin. Sa 11 litro na ani, umangat sa Php330 kada araw o halagang Php9,900 kada buwan ang aming kita," masayang sabi pa ni Aling Epifania.

Dahil sa lumaking kita, hindi na naging problema ang pag-aaral ng kanilang panganay na anak kahit na nang pumapasok na ito sa Dominican High School na isang pribadong eskuwelahan sa kanilang bayan.

Nang taong 2010, naging tatlo ang kanilang gatasang kalabaw. Ayon kay Aling Epifania umabot na sa 16 na litrong gatas ang kanilang naaani sa isang araw. Sa produksiyong ito, umabot sa Php480 kada araw o Php14,400 kada buwan ang kanilang naging kita.

"Dating walang-wala noon, pero nang dahil sa aming mga gatasang kalabaw nagkaroon kami ng kita upang masabi nang buong kasiyahan na 'nagka-meron'," ani Aling Epifania.

## Mga benepisyong sa pag-aalaga ng kalabaw

Kabi-kabilang benepisyong ang tinamo nila sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, patotoo ni Aling Epifania. Ang mga ito, anila, ay ang pagkakaroon ng sapat na pagkukuhanan ng pantawid sa pangangailangan ng pamilya,

pagkakaroon ng kita para mapag-aral ang mga anak, pampagamot ng anak sakali't magkasakit ito, at sandigan para magkaroon sila ng puhunan sa pagsasaka at pagtanim ng gulay.

"Kung dati rati ay hirap kami sa pera, ngayo'y hindi na namin gasinong naging problema ang ukol sa pantawid na pangangailangan ng pamilya, sa pag-aral ng mga anak, pampagamot ng anak sakali't magkasakit ito, at puhunan sa pagsasaka," anang ginang.

Kahit nadagdagan na ang kanilang mga anak, na umabot na ng anim, naging magaan na rin ang kanilang buhay.

"Nakatapos ang panganay namin sa kursong Bachelor of Science in Ship, Restaurant and Cabin Management," pagmamalaking sabi ni Aling Epifania.

## Pagdami ng alaga

"Sa kasalukuyan, sampu na ang aming mga alagang kalabaw," ani Aling Epifania. "Anim ang aming inahin, tatlo ang bulo at isa ang bulugan," dagdag niya.

Sabi niya, isa sa mga inahin ang kasalukuyang ginagatasan. Gayunman, umaasa silang madaragdagan ito sa dahilang ang iba pa ay mga buntis na.

"Kapag nagsabay-sabay na muli ang pagbibigay nila ng gatas, tiyak na mayroon na namang malaki-laking maipamumulsa kami," sabi ni Aling Epifania. "Makabibili pa kami ng ibang pangangailangan upang lalo pang umangat ang aming pamumuhay," dagdag niya.

Pero hindi doon nagtatapos ang kanilang pangarap.

"Hangad pa namin na maparami pa ang aming mga alagang gatasang kalabaw. Alam namin kasi na sa gatasang kalabaw, magagawang magka-mayroon ang dating walang-wala," wika ni Aling Epifania.

## Mga matagumpay na... (mula sa p.1)

*National Impact Zone (NIZ) coordinator* ng PCC at pangkalahatang tagapangulo ng ikalawang NCC, ibinahagi ng mga napiling magsasaka at mga negosyante ang kanilang mga wastong pamamaraan sa iba't-ibang sesyon ng kumperensiya.

“Ang pagbabahagi nila ng kanilang istorya sa mga kalahok (sa kumperensiya) ay ginawang paraan upang lalo pang mahikayat at maging mas masigasig ang mga magsasakang-maggagatas at maging ‘yong mga nakilahok na sa industriya,” wika niya.

Sa temang “nagsipag”, ang mga nagbahagi ng kanilang kuwento ay mga magsasakang nagsumikap na paunlarin ang antas ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng mga gatasang kalabaw. Kanila ring isinalaysay ang mga pamamaraang isinagawa sa ilalim ng *value chain* at paggamit ng mga karampatang teknolohiya sa kanilang gawain.

Tinalakay ni Isagani Cajucom ng Lupao, Nueva Ecija ang kinikita niya sa pagbuburo ng damo at mais samantalang wastong pamamaraan naman sa pag-aalaga at pangangasiwa ng mga alagang kalabaw niya ang ibinahagi ni Catalina Visda ng Sto. Domingo, Nueva Ecija.

Si Eugenio Felicano Jr. ng San Agustin, Isabela ay nagbahagi ng mga pakinabang na nakukuha niya mula sa *bull loan program* ng PCC; isinalaysay naman ni Eliseo Mislang ng San Jose City, Nueva Ecija kung gaano kalaki ang natitipid niyang gas sa pagluluto dahil sa *biogas digester*; at inilahad naman ni Imelda Zamora ng Asingan, Pangasinan, ang kinikita niya mula sa pagbebenta ng *vermicast* sa pamamagitan ng vermicomposting.

Mula sa Aliaga, Nueva Ecija, si Sernan Pelayo na isang *village-based artificial insemination technician (VBAIT)* ay nagsalaysay naman ng kanyang gawain at maganda niyang kita sa gawaing sinuong niya.

“Talagang masaya ako at kuntento sa aking natagpuang kabuhayan bilang isang VBAIT. Bukod kasi sa nakatutulong ako sa aking kapwa ay nakapag-aambag pa ako sa industriya ng kalabaw para sa tuluy-tuloy na pagpapataas ng lahi nito,” ani Pelayo.

Sa tema namang “nagnegosyo”, itinampok ng mga negosyante ang mga negosyong salig-sa-kalabaw na kanilang itinaguyod at ang mga nalikhang mga produkto na galing sa gatas, karne, at balat ng kalabaw.

Inilahad ni Leoncio Callo ng Science City of Muñoz ang naging kabuuang benta at netong kita ng Dairy Box Delicatessen sa isang taon at kung paano nila patuloy na pinag-iigi ang paggawa ng kanilang mga produkto.

Si Arturo Tabbu naman ng Tuguegarao City, Cagayan ang nagbahagi ng kasaysayan ng Lighthouse Cooperative at kung paanong sa kooperatibang ito ay nagkaroon ng mga produktong mula sa karne at balat ng kalabaw. Ang balat ng kalabaw, aniya, ay gamit nila sa paggawa ng sitsarong-kalabaw na pinangalanang “Chicharabao” at samantalang ang karne ay gamit nila sa paggawa ng carabeef tapa, longganisa at iba pa.

Inilarawan ni Prof. Dana Vera Cruz ng Central Luzon State University ang paggawa ng tilapia ice cream na may sangkap ng gatas ng kalabaw na ngayo’y naiibigan na rin sa ibang bansa.

Ibinahagi naman ni Jesus Mateo ng Sta. Maria, Bulacan ang pagsisimula ng negosyo ng kanilang pamilya sa pagbebenta ng mga produktong pagkain at karne samantalang pinatotohanan ni Joel Morales ng San Agustin, Isabela ang taglay na lakas ng mga crossbred na kalabaw sa pangangaryada tuwing panahon ng taniman at ang kinikita niya sa gawaing ito.

Isinalaysay naman ni Ariel “Aying” Viñas ng Cabiao, Nueva Ecija kung paano siya nagsimulang maengganyo sa negosyong paggawa ng *pastillas* at kung paano ang ginawa niyang mga pagsisikap para makalikha ng iba’t ibang produkto na naging daan para bansagan siyang “hari sa paggawa ng pastillas sa dakong timog ng Nueva Ecija”.

“Bigyan ninyo ng pagkakataon ang sarili ninyo na magamit ang kakayahan na makapagsimula kahit maliit lang na negosyo. Karamihan naman ay nagsimula lang sa maliit. Kung nakaya ko, makakaya rin ninyo. At huwag kalimutang manalig sa Panginoon at hilingin ang Kanyang kalooban na ang maisagawa at maganap ang ninanais sa buhay. Sabi nga, nasa tao ang gawa, nasa Diyos ang awa,” pahayag ni Aying.

Sa “nagtagumpay”, ito’y kinapalooban ng mga testimonya ng mga maggagatas tungkol sa mga kabutihang naidulot ng programang gatasang kalabaw sa pamilya at sa pang-araw-araw pamumuhay. Isinalaysay ng mga magsasakang ito sa tulong ng *video presentation* ang mga istorya kung paanong sa tulong ng gatasang kalabaw ay nakatapos ng pag-aaral sa kolehiyo ang kanilang mga anak.

Dumalo sa dalawang araw na kumperensiya ang mahigit 500 magsasakang-maggagatas na inaasistehan ng PCC, mga kabalikat sa programa, mga negosyante, mga opisyal ng lokal na pamahalaan, mga representante mula sa iba’t-ibang ahensiya ng gobyerno at pribadong mga organisasyon na kabilang sa Carabao Development Program (CDP).

“Bigyan ninyo ng pagkakataon ang sarili ninyo na magamit ang kakayahan na makapagsimula kahit maliit lang na negosyo. Karamihan naman ay nagsimula lang sa maliit. Kung nakaya ko, makakaya rin ninyo. At huwag kalimutang manalig sa Panginoon at hilingin ang Kanyang kalooban na ang maisagawa at maganap ang ninanais sa buhay. Sabi nga, nasa tao ang gawa, nasa Diyos ang awa”.

-ARIEL “AYING” VIÑAS



## Mga produkto... (mula sa p.1)

produkto ng Pilipinas na gawa sa karne, balat, at gatas ng kalabaw ay maaari ngang makipagkumpetensya sa mga produkto ng ibang bansa.

Ang mga pahayag nina Templo at Cavorsora ay isinatinig sa idinaos na “Value Chain Players Consultation Workshop” noong Disyembre 5-7 sa PCC National Headquarters sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

“Kailangan nating lalong mapabuti ang kalidad ng ating mga produkto. Dapat sariwa at nakabubuti sa kalusugan ang mga ito. Kailangan din nating mag-imbento ng iba pang produkto at huwag tayong makuntento sa nakasanayan na,” saad ni Cavorsora.

Sa nasabing pulo ng konsultasyon, tinalakay din ng mga *stakeholders* ang pagpapalago ng mga negosyong may kinalaman sa pakain sa mga kalabaw.

Sinabi ni Malou Rodriguez, kinatawan ng Dairy Mate, isang kumpanyang gumagawa ng *feeds*, na kailangan ang tuluy-tuloy na pag-imbento at pagpapabuti ng *feeds* dahil sa mahigpit na kumpetisyon sa larangang ito sa merkado.

“Gusto naming mapabuti pa ang industriya ng gatas sa Pilipinas sa pamamagitan ng paggawa ng feeds na makapagpaparami pa sa produksyon ng gatas ng mga kalabaw. Ngunit kailangan namin ng suporta mula sa gobyerno para bumaba ang gastos sa produksyon nang sa gayo’y bumaba din ang presyo ng aming produkto,” dagdag niya.

Ipinahayag naman ng mga magsasakang-maggagatas ang kanilang pangangailangan ng karagdagang pagsasanay at seminar sa tamang paraan ng pangangalaga ng kanilang kalabaw upang ang mga ito’y makapagbigay ng mas marami pang gatas.

Nagtanong naman ang mga *Artificial Insemination (AI) technicians* ng posibilidad ng pagkakaroon ng suplay ng *sexed semen*. Kanila ring ipinahayag ang

kanilang pagnanais na mabigyan sila ng pagkakataong gumamit ng bagong teknolohiya sa AI.

Hiniling pa nila na sana ay magkaroon ng regular na taunang pagbakuna ng kalabaw at ipagbawal ang pagkatay ng mga buntis na kalabaw. Iminungkahi nila na mas mainam kung may polisiya na magbabawal nito at dapat istriktong isakatuparan ito.

Ang mgabumibiliatnagpoproseso ng sariwang gatas ay nagbahagi ng kanilang pangarap na magkaroon ng central processing area, sa halip na makipagkumpetensya sila sa isa’t isa, upang mapunan nila ang pangangailangan ng gatas sa merkado sa Maynila at iba pang lugar.

### Tugon ng PCC

“Ang layunin ng gawaing ito ay upang makinig ang PCC sa mga hinaing ng *stakeholders* sa pagkabalabaw at pagproseso ng mga produktong gawa sa karne, balat, at gatas ng kalabaw at makapagbigay ng rekomendasyon ukol dito,” sabi ni Dr. Arnel del Barrio, *Acting Executive Director* ng PCC.

Idinagdag niya na ang *value chain players*, mula sa *input suppliers* hanggang sa mga nagpoproseso at nagbebenta, ay kailangang magtulungan upang mapaganda pa ang industriya.

“Maraming hamon ang hinaharap natin pero tinitingnan natin ito bilang oportunidad upang magtulungan nang lubos,” sabi niya.

Siniguro niya sa mga *stakeholders* na lahat ng ipinarating nila ay isasaalang-alang ng PCC at gagawin nito ang lahat ng makakaya upang masolusyunan ang mga hinaing na mga natukoy sa lalong madaling panahon.

“Paiigtingin namin ang pakikipagtulungan sa inyo upang sa pagpapalitan natin ng ideya ay lalo pa nating mapabuti ang industriya ng pagkabalabawan,” sabi ni del Barrio sa mga lumahok sa konsultasyon.

# Dalawang sektor, makikinabang sa *milk supplementation program* sa bayan ng Aliaga

Ni Mervalyn Tomas

Makikinabang nang husto ang mga bata at magsasakang-maggagatas sa *milk supplementation program* na isinasagawa ng Philippine Carabao Center (PCC) at Department of Social Welfare and Development (DSWD), sa Aliaga, Nueva Ecija sa pakikipagtulungan ng pamahalaang lokal nito.

Ito ang positibong paniniwala ng mga opisyal sa likod ng programang ito na nagkaroon ng *soft launching* noong Nobyembre 28 sa bayan ng Aliaga.

Sa ginanap na paglulunsad, ang mga batang benepisyaryo na umabot sa 1,121 ay pinainom ng prinosesong gatas ng kalabaw. Sila'y may edad na tatlo hanggang limang taon na pawang nag-aaral sa mga *daycare center* ng Aliaga.

Ang pagbibigay ng gatas ay magpapatuloy sa loob ng 120 araw ayon kay Ma. Theresa Sawit, *Senior Science Research Specialist* ng PCC at namumuno sa programa.

“Bukod sa pagtulong upang mabigyan ng karagdagang nutrisyon ang mga bata, isa pang layunin ng programang ito ay masuportahan ang kabuhayan ng mga magsasakang-maggagatas,” sabi ni Dr. Daniel Aquino, *Center Director* ng PCC sa Central Luzon State University (CLSU), sa idinaos na palatuntunan sa *soft launching* ng programa. Ang PCC sa CLSU ang may saklaw sa bayan ng Aliaga.

Ipinaliwanag ni Dr. Aquino na ang mga gatas na ipamimigay ay manggagaling sa kalabaw ng mga magsasakang-maggagatas na tinutulongan ng PCC.

Tiniyak naman ni Armando



Tamang nutrisyon ang susi sa malusog at masiglang mga bata.

Silva, *provincial coordinator* ng *Sustainable Livelihood Project* ng DSWD-Region III, na aalalay sila sa pagbibigay ng tuluy-tuloy na tulong sa mga magsasakang-maggagatas para bumuti pa ang kanilang kabuhayan.

Naglaan ang DSWD ng Php1,479,720 para sa pagbili ng gatas at sa iba pang kailangan sa programa. Ang PCC naman ang patuloy na aalalay sa pagpo-proseso ng gatas na ipamamahagi sa mga sangkot sa programa.

Ayon kay Sawit, sinanay ng PCC ang mga miyembro ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCO), isang samahan ng mga kooperatiba sa Nueva Ecija, na magproseso ng

gatas ng kalabaw. Sa pederasyon manggagaling ang gatas na ipainom sa mga bata hanggang sa pagtatapos ng 120 araw na programa.

Idinagdag din sa programang ito ang pagtuturo ng paksang may kinalaman sa tamang nutrisyon ng mga bata.

“Gagawa kami ng *infographics* na ididikit sa mga dingding ng mga silid-aralan. Ito ang magpapaalala sa mga bata araw-araw ng tungkol sa kahalagahan ng nutrisyon,” sabi ni Sawit.

Dagdag pa niya, magtuturo rin ang mga guro ng tungkol sa kahalagahan ng gatas sa tamang nutrisyon ng mga bata minsan sa isang buwan.

Tiniyak naman ni Dr. Edgardo

Carlos ng Rural Health Unit ng Aliaga na susukat inila ang taas at timbang ng mga bata kada buwan upang masubaybayan ang pag-igi ng kalagayan sa kanilang nutrisyon.

Ipinahayag naman ng mga magulang ang kanilang pasasalamat sa PCC, DSWD at lokal na gobyerno ng Aliaga dahil sa pagtulong ng mga ito para masigurado ang tamang nutrisyon ng kanilang mga anak.

“S’werte kami na isa ang munisipyo namin sa tatanggap ng tulong mula sa programang ito,” sabi ni Gia Javaluyas, isang ina. Siya’y asawa ni Councilor Erwin Javaluyas, ang pangulo ng Association of Barangay Chairmen (ABC) ng bayan ng Aliaga.

## NIZ Balitaan

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,  
isang ahensiyang nasa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura



Rowena Galang-Bumanlag  
Patnugot

Chrissalyn L. Marcelo  
Tagapamahalang Patnugot/Sirkulasyon

Ma. Cecilia C. Irang  
Chrissalyn L. Marcelo  
Mervalyn O. Tomas  
Mga Manunulat

Ma. Cecilia C. Irang  
Layout

Eric P. Palacpac  
Wilma T. del Rosario  
Mga Tagapayo

Anselmo S. Roque  
Kasangguni

Arnel N. Del Barrio  
Pinunong Tagapagpaganap